# Pagtanggap ng Karaniwang Bakuna sa COVID-19 sa 2024-2025

Inirerekomenda para sa lahat na nasa anim na buwang gulang pataas na makatanggap **ng kahit isang dosis** ng 2024-2025 na bakuna sa COVID-19.*



- **Ang mga batang nasa edad 6 na buwan hanggang 11 taon** ay maaaring tumanggap ng Pfizer o Moderna.
- **Ang mga nasa 12 taong gulang pataas** ay maaaring tumanggap ng Pfizer, Moderna, o Novavax.

## MGA REKOMENDASYON NG CDC AYON SA EDAD:



### 6 NA BUWAN – 4 NA TAON

- Tumanggap ng hindi bababa sa isang dosis.
- Ang kabuuang bilang ng dosis ay nakadepende sa dami at uri ng mga bakuna sa COVID-19 na natanggap mo noon.**



### 5 – 11 TAON

- Tumanggap ng isang dosis.



### 12 – 64 NA TAON

- Tumanggap ng isang dosis.
- Kung tatanggap ka ng Novavax at hindi ka pa nakatanggap ng bakuna sa COVID-19 noon, inirerekomendang makatanggap ka ng dalawang dosis.



### 65 TAON PATAAS

- Tumanggap ng dalawang dosis at ang pangalawang dosis ay ibibigay matapos ang anim na buwan.
- Kung tatanggap ka ng Novavax at hindi ka pa nakatanggap ng bakuna sa COVID-19 noon, inirerekomendang makatanggap ka ng dalawang dosis na susundan ng pangatlong dosis matapos ang anim na buwan.



## HUMANAP AT TUMANGGAP NG BAKUNA!

- nj.gov/health/vaccines/covid-19 o i-scan ang QR code:
- cdc.gov/covid/vaccines/stay-up-to-date.html

* May iba pang rekomendasyon kung ikaw ay may katamtaman o matinding immunocompromised na kondisyon. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang cdc.gov/covid/index.html.

** Kumonsulta sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan upang matiyak na natatanggap mo ang pinakaangkop na bakuna para sa iyo. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang cdc.gov/covid/vaccines/stay-up-to-date.html.

Enero 2025